


Health

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Kaligtasan sa Sakayan at Babaan



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Physical Education – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Kaligtasan sa Sakayan at Babaan

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Josephine C. Clarin

Editor:

Tagasuri:

Tagaguhit: Michelle M. Carreon, Vanz Val M. Gonzales

Tagalapat: Angelica M. Mendoza

Tagapamahala: Evelyn R. Fetalvero

Reynaldo M. Guillena

Janette G. Veloso

Alma C. Cifra

Analiza C. Almazan

Aris B. Juanillo

Ma. Cielo D. Estrada

Fortunato B. Sagayno

Jeselyn B. Dela Cuesta

Elsie E. Gagabe

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Health

Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
Kaligtasan sa Sakayan at Babaan

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Health sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 3 para sa araling **Kaligtasan sa Sakayan at Babaan!**

Ang modyul na ito ay pinagtutulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Health sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Kaligtasan sa Sakayan at Babaan!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang

inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Sa modyul na ito, matututunan mo ang mga wastong gawaing pangkaligtasan kung sasakay sa mga pampubliko o pribadong sasakyan. Matutulungan kang unawain ang mga tuntunin kung paano ang pagiging ligtas habang nasa loob ng sasakyan gayundin sa mga sakayan at babaan. May mga gawain din na makakatulong sa iyo upang mapaunlad ang iyong kakayahan sa mga kasanayan sa kaligtasan sa kalsada bilang isang responsableng pasahero.

Ang modyul na ito ay hinati sa dalawang aralin:

- Aralin 1 – Kaligtasan sa Loob ng Sasakyan
- Aralin 2 – Kaligtasan sa Sakayan at Babaan

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan mong:

1. Maipaliwanag ang mga pangunahing kasanayan sa kaligtasan sa kalsada bilang isang pasahero (**H3IS-IVcd-21**); at
2. Maipakita ang mga kasanayan sa kaligtasan sa kalsada bilang isang pasahero (**H3IS-IVcd-22**).



Subukin

Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang iyong pipiliin na upuan sa loob ng bus na mas ligtas?
 - a. Umupo malapit sa pintuan.
 - b. Umupo malapit sa bintana.
 - c. Umupo sa may bandang likuran ng drayber.
 - d. Umupo sa malayo sa pintuan ng bus.

2. Ano ang dapat mong gawin upang maiwasan ang sakuna kung nakasakay sa mga sasakyan?
 - a. Itapon ang iyong basura sa labas ng bintana.
 - b. Huwag ilalabas ang anumang bahagi ng katawan habang umaandar ang sasakyan.
 - c. Huwag nang hintayin na huminto ang sasakyan bago sumakay.
 - d. Lumipat-lipat ng upuan habang umaandar ang sasakyan.

3. Nakita mo sa kabilang sasakyan ang iyong kaibigan na magkatabi lang sa sinasakyan mo habang nasa gitna ng daloy nang trapiko. Nais mo siyang pansinin dahil magkalapit na lamang kayo. Ano ang dapat mong gawin sa sitwasyong ito upang maiwasan din ang sakuna?
 - a. Hindi ko na lang muna siya pupunahin.
 - b. Tatawagin ko siya at kakaway ako sa labas ng bintana.
 - c. Tatapikin ko siya dahil magkalapit lamang ang bintana ng aming sinasakyan.
 - d. Bababa ako ng sasakyan upang lumipat sa sinasakyan ng aking kaibigan.


4. Alin sa sumusunod ang tuntunin sa pangkaligtasan habang nakasakay sa mga sasakyan?
- a. Bumaba ng sasakyan kahit saan.
 - b. Pumara sa gitna ng kalsada
 - c. Manatiling nakaupo habang umaandar ang sasakyan.
 - d. Ilapat ang mga kamay sa may bintana ng sasakyan.

Aralin

1

Kaligtasan sa Loob ng Sasakyan


Ang pagsakay sa mga pampublikong sasakyan ay bahagi na ng ating pang araw-araw na gawain upang maihatid tayo sa ating patutunguhan o pupuntahan. Maraming uri ng sasakyan ang maaring maghatid sa atin sa iba't ibang pook ngunit naisip ba natin ang ating kaligtasan habang sumasakay sa mga pampamasaherong sasakyan? Bilang mga pasahero mahalagang malaman natin ang mga tuntuning pangkaligtasan habang nakasakay tayo sa mga pampublikong sasakyan upang masigurong ang ating kaligtasan sa mga aksidenteng maaaring mangyari sa hindi pag-iingat.






Balikan


Natatandaan mo pa ba ang mga gawaing pangkaligtasan sa kalsada? Ngayon, gamitin mo ang mga larawan upang mabuo ang pangungusap tungkol sa mga gawaing pangkaligtasan sa kalsada. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.




1. Gamitin ang _____ kung tatawid sa kalsada.



2. Tumingin sa _____ at _____ bago tumawid.



3. Gamitin ang _____ kung naglalakad sa daan.



4. _____ ng mga nakatatanda ang kamay ng mga bata habang tumatawid sa kalsada.



5. Sundin ang mga babala sa _____ kung tatawid sa kalsada.



Mga Tala para sa Guro

Isang mahalagang kaalaman ang maibahagi sa iyo ukol sa kaligtasan sa pagsakay sa mga pampublikong sasakyan. Maaaring ito ang iyong patnubay sa maaari mong karanasan sa pagsakay at upang maiwasan din ang sakuna dahil nasunod mo ang mga tuntunin o panuto para sa kaligtasan. Kaya, gawing kanais- nanais ang bawat pagsasanay at maingat mong gawin ang mga hakbang na makakatulong sa iyo.



Tuklasin

Kaibahan ng Pampubliko at Pribadong Sasakyan


Ang pampublikong transportasyon ay isang sistema ng mga sasakyan tulad ng mga bus, dyip, traysikel at tren, na tumatakbo sa mga nakapirming ruta at nilalayon para sa pampublikong sakayan. Ang ilang mga sasakyan ay madalas walang mga aparato sa pangkaligtasan sapagkat karaniwang ginagamit ito sa publiko.

Samantala, ang pribadong transportasyon naman ay isang sistema kung saan ginagamit ng mga tao ang kanilang sariling mga sasakyan patungo sa kanilang patutunguhan. Kadalasan sa mga pribadong sasakyan ay may inilagay na mga aparatong pangkaligtasan tulad ng **seatbelt**, **airbags**, pinatibay na epekto ng mga **beam** at **bumpers**.

Upang masiguro ang kaligtasan ng mga sumasakay o pasahero, may mga patakaran at tuntunin na dapat sundin


Narito ang mga alintuntuning pangkaligtasan kung sumakay sa mga pampublikong transportasyon.

A. Dyip/Bus



- Hintaying huminto ang sasakyan bago sumakay.
- Pumili ng lugar sa sasakyan na malayo sa labasan o pinto.
- Huwag ilabas ang braso, ulo o mga kamay sa bintana ng sasakyan.
- Huwag tumayo o palipat lipat ng inuupuan habang umaandar ang sasakyan.
- Laging hawakan ang mga **safety bar** habang nasa loob ng dyip o bus.
- Kung mayroong **seatbelt**, siguraduhing nakakabit ito sa katawan.

B. Traysikel/Pedikab



- Kapag sumakay ng traysikel, huwag umupo sa likuran ng drayber.
- Laging umupo sa sidecar, ang panloob na bahagi kung saan ang pinakaligtas na lugar.




Suriin


Tingnan ang mga larawan. Sumulat ng tuntuning pangkaligtasan sa bawat isa.




a. _____




b. _____



c. _____



d. _____



Pagyamanin

Gawain 1: Ligtas o Di Ligtas?

Basahin ang mga pangungusap. Pagkatapos, magpasya kung ang gawain ay ligtas o di-ligtas. Kopyahin ang iyong sagot sa kuwaderno.

Ligtas	Di Ligtas	1. Mahilig maglaro ng mobile legend si Rey habang nakasakay ng dyip.
Ligtas	Di Ligtas	2. Palipat lipat ng upuan si Rona habang umaandar pa ang sinasakyang bus.
Ligtas	Di Ligtas	3. Ikinabit ni Marisa sa kanyang katawan ang seatbelt habang nakasakay sa kanilang kotse.
Ligtas	Di Ligtas	4. Nakahawak si Marlon sa safety bar habang nakasakay ng traysikel.
Ligtas	Di Ligtas	5. Itinapon ni Noel ang balat ng kendi sa labas ng bintana ng sasakyan.



Isaisip

Upang maiwasan ang sakuna kung nakasakay sa mga sasakyan, sundin ang mga sumusunod na panuto:

- Umupo sa loob ng traysikel o sa gitna ng kotse o dyip.
- Pumili ng lugar sa sasakyan na malayo sa labasan pinto.
- Huwag ilabas ang braso, ulo o mga kamay sa bintana ng sasakyan.
- Manatiling nakaupo habang umaandar ang sasakyan.
- Kung mayroong **seatbelt**, siguraduhing nakakabit ito sa katawan.



Isagawa

Maging Ligtas!

Mula sa iyong karanasan sa pagsakay sa mga pampublikong sasakyan, isulat sa bawat hanay ang mga Dapat at Di-dapat gawin upang maging ligtas sa pagsakay sa mga pampasaherong sasakyan.

Dapat Gawin	Hindi Dapat Gawin
	



Tayahin

A. Sagutin ng Tama o Mali ang sinasabi sa pangungusap.

- _____ 1. Lagi kong isusuot ang sinturong pangkaligtas kung ako ay sasakay ng taksi.
- _____ 2. Mag-uunahan sa pagsakay ng dyip kapag marami nang nakaabang na pasahero.
- _____ 3. Huwag ng hintayin na huminto ang sasakyan bago sumakay.
- _____ 4. Pumili ng upuan na malayo sa pintuan ng bus.
- _____ 5. Iwasan ang umupo sa may likuran ng drayber kapag sumakay ng traysikel.

B. Ipaliwanag: Bakit dapat kailangan nating sundin ang mga tuntunin sa pangkaligtasan sa pagsakay ng mga pampumlikong sasakyan? Isulat ang iyong sagot sagutang papel.


Aralin


2

Kaligtasan sa Sakayan at Babaan

Ang mga pasahero ay tumutukoy sa mga taong gumagamit at nagbabayad para sa anumang mode ng transportasyon upang makaabot sa kanilang patutunguhan.


Maraming uri ng transportasyon na maaari nating pagpipilian upang maihatid tayo sa ating pupuntahan tulad ng padyak, traysikel, dyipney, bus, taksi, LRT at iba pa. Nakapagpadulot din ng matinding trapiko ang mga nag-aabang na pasahero at pampublikong sasakyan na hindi marunong sumunod sa tuntunin ng trapiko at walang disiplina sa mga pook sakayan at babaan.





Balikan

Natatandaan mo pa ba ang mga tuntuning pangkaligtasan habang nasa loob ng sasakyan? Ano-ano ang mga ito? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Mga Tala para sa Guro



Maingat mong gawin ang mga praktikal na pagsasanay sa araling ito sa tulong ng iyong mga magulang at nakakatandang kapatid. Tandaan ang mga tuntuning isinasaad para sa kaligtasan ng mga sumasakay at bumababa na pasahero sa tamang lugar na itinalaga upang maisagawa mo rin ito nang maayos para sa sarili mong karanasan.



Tuklasin

Ligtas Ka Ba?

Pagmasadang mabuti ang dalawang larawan.



- Ano-ano ang kaibahan ang nakikita mo sa dalawang larawan?
- Aling larawan ang nagpapakita ng mas ligtas na pagsakay?



Suriin


Ang pagsakay sa mga pampublikong sasakyan ay bahagi na sa ating pang araw-araw na gawain upang maihatid tayo sa ating destinasyon o pupuntahan. Maraming uri ng sasakyan ang maaring maghatid sa atin sa ibat-ibang pook ngunit naisip ba natin ang ating kaligtasan habang sumasakay at nag-aabang ng masasakyan? Kabilang tayo sa mga pasahero at drayber na nagiging sanhi sa trapiko sa lansangan. Upang matiyak ang magandang daloy ng trapiko at ligtas sa kalye, nagkaroon ng mga lugar kung saan dapat bumaba at sumakay ang mga pasahero.

Ang pangkaligtasang lugar sa pagbaba at pagsakay ng pasahero ay naglalayong:






Huwag maglaro sa kalye habang naghihintay ng pampublikong sasakyan.




Pumila ng maayos at maghintay na makasakay. Hayaan munang makababa ang mga pasahero.



Bago bumaba hintaying tuluyang huminto ang sasakyan at manatiling nakaupo.




Bago sumakay, hintayin munang huminto sa tamang hintuan ang sasakyan.



Huwag manulak at maglaro sa pagbaba ng sasakyan.



Sundin ang mga simbolo para sa ligtas na sakayan at babaan.





Pagyamanin


Alin ang mga wastong gawaing pangkaligtasan kung sumasakay at bumababa sa sasakyan?

Kulayan ang **thumbs up** kung sang-ayon ka at **thumbs down** kung hindi sang-ayon.



1. Pumila sa pook sakayan habang naghihintay ng sasakyan.





2. Makipag-unahan sa pagsakay.




3. Bumababa ng sasakyan kahit saan.



4. Maghintay ng sasakyan sa tamang pook-sakayan.



5. Ingatan ang mga gamit habang nakasakay.





Isaisip

Huwag Magmamadali! Bigkasin ang tula.

Kaligtasan sa Kalsada
Ni Aiden L. Nuesca

Kaya nating maging ligtas sa kalsada
Kung masunurin tayo
Walang hindi magagawa
Lahat ay makakaya


Disiplina lang ang kailangan
Kung naghihintay, nag-aabang, o sasakay
Tuntunin sa trapiko ay sundin
Aksidente ay maiiwasan at mababawasan
Kung tayo'y maging masunurin at disiplinado
Kaligtasansa kalsada ay makakamtan.



Isagawa

Simbolo sa Kaligtasan!

Masdan ang mga pananda o simbolo sa kaligtasan sa kalsada. Ipakita sa pamamagitan ng pagguhit kung paano mo susundin ang mga simbolong ito para sa kaligtasan sa mga sakayan at babaan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.




Pamantayan	Deskripsyon
Lumampas sa inaasahan (3 puntos)	Naipakita sa pagguhit ang pagsunod sa mga pananda o simbolo sa kaligtasan.
Nakakatugon sa inaasahan (2 puntos)	Hindi gaano maliwanag ang iginuhit.
Nahirapang tugunan ang mga inaasahan (1 puntos)	Walang naiguhit.




Tayahin

Iguhit ang masayang mukha (☺) kung tama ang ipinapakita sa bawat larawan at malungkot (☹) naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1.



2.




3.




4.



5.




6.





Karagdagang Gawain

Gumawa ng sariling tuntuning pangkaligtasan kung sasakay ng traysikel o dyip. Isulat ang iyong sagot sa alin mang parte ng larawan nang dyip na nasa ibaba. Iguhit ito at gawin sa iyong kuwaderno.





Susi sa Pagwawasto

Aralin 1

Subukin 1. D 2. B 3. A 4. C							
Balikan 1. Pedestrian lane/ puting linya 2. Kaliwa at kanan 3. bangketa 4. Hawakan 5. trapiko							
Surin (Tanggapin ano man ang sagot ng mga bata na may kindalamang sa larawan. 1. Gamitin ang seatbelt sa katatagan habang nakasakay ng taxi. 2. Iwasan ang umupo sa likuran ng driver. 3. Iwasang ilabas ang kamay o ulo sa labas ng bintana. 4. Huwag tumayo habang umandar ang sasakyan.							
Pagpamamali 1. Di-ligtas 2. Di-ligtas 3. Ligtas 4. Ligtas 5. Di-ligtas							
Isagawa Rubriks sa pagsulat ng mga dapat at di-dapat gawin upang maging ligtas sa pagsakay <table><tr><td>(5)</td><td>Nakapagtala ng 5 o di-dapat na mga dapat at gawain.</td></tr><tr><td>(3)</td><td>Nakapagtala ng 2 sa mga dapat at di-dapat na gawain.</td></tr><tr><td>(2)</td><td>Nakapagtala lamang ng 1 sa mga dapat at di-dapat na mga gawain</td></tr></table>	(5)	Nakapagtala ng 5 o di-dapat na mga dapat at gawain.	(3)	Nakapagtala ng 2 sa mga dapat at di-dapat na gawain.	(2)	Nakapagtala lamang ng 1 sa mga dapat at di-dapat na mga gawain	
(5)	Nakapagtala ng 5 o di-dapat na mga dapat at gawain.						
(3)	Nakapagtala ng 2 sa mga dapat at di-dapat na gawain.						
(2)	Nakapagtala lamang ng 1 sa mga dapat at di-dapat na mga gawain						
Tayahin A. 1. Tama 2. Mali 3. Mali 4. Tama 5. Tama B. Rubriks sa pagpaliliwanag: <table><tr><td>(5)</td><td>Naipaliwanag nang mayos ang pangungusap.</td></tr><tr><td>(3)</td><td>Hindi gaano mayos ang paliliwanag.</td></tr><tr><td>(2)</td><td>Hindi mayos ang paliliwanag.</td></tr></table>	(5)	Naipaliwanag nang mayos ang pangungusap.	(3)	Hindi gaano mayos ang paliliwanag.	(2)	Hindi mayos ang paliliwanag.	
(5)	Naipaliwanag nang mayos ang pangungusap.						
(3)	Hindi gaano mayos ang paliliwanag.						
(2)	Hindi mayos ang paliliwanag.						

Aralin 2

1. 2. 3. 4. 5. Pagymamanin	• Macaring magkakaiba ang sagot ng mga bata batay sa larawan na kanilang Nakita • Unang larawan Tuklasin	Posibleng isagot: Umupo sa loob ng traysikel o dyip. Pumili ng mauupuan sa sasakyan na malayo sa pinto. Huwag ilabas ang kamay sa bintana ng sasakyan. Umupo habang umaandar ang sasakyan. Gumamit ng seatbelt kung uupo sa harapan ng sasakyan. Balikan (Macaring magkakaiba ang sagot ng mga bata)
Maayos na naisagawa ang itinakdang gawain Hindi gaano ng maayos ang gawain ipinagawa Hindi naisagawa ang itinakdang gawain (5) (3) (2) A. Karagdagang Gawain	1. 2. 3. 4. 5. 6. Tayahin	Deskripsyon Naipakita sa pagguhit ang pagsunod sa mga pananda o simbolo sa kaligtasan. Nakakatuon sa inasahan (2 puntos) Hindi maliwanag ang iginuhit. Nahirapang Walang tugunan ang mga inasahan (1 puntos) Isagawa Pamanatayan Lumampas sa inasahan (3 puntos)

Sanggunian

Rizaldy R. Cristo, et. al., (2017). Music, Art, Physical Education and Health Kagamitan ng Mag-aaral, Tagalog. Quezon, Philippines: Book Media Press, Inc.

Teacher's Guide First Edition (2015). Music, Art, Physical Education and Health, Pasig City, Philippines: Department of Education - Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)

DepEd (2013). K to 12 Health Curriculum Guide. Pasig: DepED.
School safety reference manual (2004). Philippines: DuPont

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph